KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 39 BILANG 9 BASAHIN AT TALAKAYIN SETYEMBRE 2019

EDITORYAL

# Martial Law at rehimeng US-Duterte, hindi kailanman mapipigilan ang pagdaluyong ng rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan

**Bumagsak man ang diktadurang US-Marcos, patuloy pa ring lumulukob ang multo ng batas militar nito sa buong bayan. Hindi kailanman binitiwan ng mga sumunod na rehimen ang mga pasistang gawi ni Marcos, bagkus patuloy nila itong itinaguyod sa dikta ng imperyalismong US. Ngayon, nakakapit si Duterte sa tiranikong pamamaraan nitong ala-Marcos upang ganap na itatag ang kanyang pasistang paghahari sa buong bayan.**

Lumipas na ang panahong nakakapaghari pa si Duterte sa pamamagitan ng panlilinlang at paglulubid ng kasinungalingan sa mamamayan. Ngayon, paghaharing kamay na bakal na ang kanyang ginagamit upang pigilan ang mga demokratikong pakikibaka ng mamamayan. Tuluyan nya nang ipinakita ang kanyang tunay na kulay, bilang isang sagadsaring tuta at numero unong panatiko at tagasamba sa imperyalismo, anti-komunismo at anti-mamamayang neo-liberalismo. Inilantad nya rin ang kanyang tiranikong katangian bilang isang mamamatay-tao at walang pakundangang lumalapastangan sa buhay at karapatang-tao.

Nang hindi nya makuha ang pinapangarap na pagsuko at kapitulasyon ng rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng usapang pangkapayapaan, kagyat na arbitraryong tinapos ni Duterte ang negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP). Tinatakan na teroristang grupo ang Partido at BHB. Ganap nyang pinakawalan ang todo-gera sa buong bayan. Mabilis na pumaling si Duterte sa pasismo at tiranya. Sa saliw ng mga pasistang utos ng hibang at baliw na Duterte, kumikilos ngayon ang mersenaryong AFP-PNP upang itaguyod ang paghahari ng berdugong rehimen sa ilalim ng Joint Campaign Plan-Kapanatagan

Itinutulak ngayon ni Duterte ang iba't ibang pasistang pakana laban sa



KALATAS
Setyembre 2019
TOMO 39 BILANG 9

NILALAMAN

1 *Editoryal: Martial Law at rehimeng US-Duterte, hindi kailanman mapipigilan ang pagdaluyong ng rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan*
3 *Kilos protesta*
4 *Tagibang na timbangan*
6 *Bangungot ng Kalamidad*
7 *Si Duterte ay masugid na anti-magsasaka at kaaway ng bayan!*
8 *Bantay Karapatan*
9 *Tugon ni Patnubay de Guia*
10 *Unyon sa Daiwa Seiko, tagumpay sa CBA!*
11 *Balitang TO*
12 *Kultura: Kabuluhan ng Pag-aambag*

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.*
*Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*
*st.kalatas@gmail.com*

*balikwastk.wordpress.com*

mamamayan upang ipataw ang kanyang paghahari ng ala-Marcos. Sa tulong ng kanyang mga kampon sa kongreso at senado, kabilang ang pamilyang Marcos at sa suhay ng AFP-PNP, nais nitong ipasa ang mga anti-mamamayang batas tulad ng Anti-Subversion, mandatory ROTC at AFP Modernization. Sa tulak ng kanyang militarisadong gabinete, tinatarget ni Duterte na itaas ang nakalaang badyet sa depensa at sa AFP. Kabilang din sa mga panukalang batas na isinusulong sa senado ang pag-amyenda sa umiiral na batas sa sistemang *partylist* para madiskwalipika ang mga progresibong *partylist* na pinararatangang mga ligal na prente ng Partido at BHB.

Iba't ibang tipo at antas ng anti-mamamayang pakana ang nilikha ni Duterte. Kabilang ang pagpapatindi ng pekeng gera-kontra droga upang maghasik ng teror sa mamamayan at monopolisahin ang sindikato ng iligal na droga. Nagsilbi ang kanyang Oplan Tokhang sa pagpapatindi ng panlipunang ligalig at ikundisyon ang isipan ng mamamayan sa kultura ng impunidad o kawalang pananagutan. Hinigitan na ni Duterte ang mga sinundan nitong rehimen sa dami ng bilang ng kanyang pinaslang sa unang hati pa lamang ng kanyang panunungkulan.

Samantala, walang pakundangang ipinataw nya ang Martial Law sa Mindanao at walang balak na tanggalin ito nang sa gayon mapigilan ang patuloy na paglakas ng rebolusyonaryong kilusan sa isla. Nagpapatuloy si Duterte sa pagwasak sa pakikibaka ng mamamayang Moro at iba pang pambansang minorya para sa kanilang lupang ninuno.

Panibagong teror naman ang kanyang inihahasik sa pamamagitan ng JCP-Kapanatagan upang ilunsad ang walang habas na pagpatay sa mga inosenteng sibilyan. Pinalasap nya sa mamamayan ng Negros ang Oplan Sempo/Sauron upang ipakitang hindi siya nangingiming pumaslang para ipagtanggol ang kanyang pasistang-paghahari at interes ng lokal na naghaharing uri sa bansa.

Sa buong kapuluan, ramdam ng mamamayan ang pasistang paghaharing ala-Marcos ni Duterte sa porma ng *de facto* Martial Law sa Luzon at Visayas. Wala mang deklaradong batas militar sa TK, dinadanas ng mamamayan ng rehiyon ang kalupitan ng rehimen sa porma ng mga *focused military operations* at mapanlinlang na Retooled Community Support Program. Nakapwesto ang aabot sa 16 na panagupang batalyon ng AFP-PNP sa buong rehiyon na sunud-sunuran sa pagtupad sa atas ni Duterte na durugin ang rebolusyonaryong kilusan.

Sa bisa ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict, nakatudla si Duterte sa ganap na pagwasak sa Partido, BHB at lahat ng demokratikong pakikibaka ng mamamayan gamit ang dahas, takot at panlilinlang. Nakaangkla ito sa diumanong estratehiyang 'whole of nation approach' na napatutunayang di epektibo ang talab sa mga baseng pinanday na ng mahabang panahon ng armadong pakikibaka at rebolusyong agraryo. Nililinlang ni Duterte at ng AFP-PNP ang malawak na masang anakpawis sa kanyang anti-mamamayan at pasistang 'whole of nation' strategy upang sa dulo'y lulunurin lamang ng nangangalit na paglaban ng sambayanang Pilipino.

Sa mga kalunsuran, ipinalalasap ni Duterte ang kanyang tiranikong paghahari sa pamamagitan ng pananakot at intimidasyong dulot ng walang pakundangang red-tagging at pagtatatak na terorista sa iba't ibang progresibong organisasyon at indibidwal na mahigpit na kritiko sa kanyang mga patakaran. Sinimulan ito ng pakanang *black propaganda* na Red October Plot noong nakaraang taon at itinuloy sa anyo ng mga mala-dramang *senate hearing* na nagdidiin sa mga ligal na organisasyon gamit ang mga walang batayang paratang at wala sa katwirang mga pahayag.

Desperado si Duterte na isalba ang kanyang nabubulok na pasistang paghahari. Ang umaalingasaw na amoy nito ay tumatagos sa lahat ng sulok ng bayan kahit anong tapang na pampabango pa ang kanyang gamitin upang tabunan ang nakasusulasok na rehimen. Hindi na kayang pahupain pa ni Duterte ang galit ng mamamayan hindi lamang sa kanyang mga ginagawang paglapastangan sa karapatan at kabuhayan ng sambayanang Pilipino, kundi lalo't higit ang kanyang pagyurak sa kasarinlan ng bansa sa paglalako nito sa interes ng imperyalistang among US at pangangayupapa sa China.

Sa okasyon ng ika-47 anibersaryo ng deklarasyon ng Martial Law ng diktador na Ferdinand Marcos, marapat lamang na muling isabuhay ng sambayanang Pilipino ang mga aral ng panahon ng batas militar. Pinuhunanan at pinag-alayan ng buhay ng mamamayan ang mga aral na ito na tangan ng rebolusyonaryong kilusan sa pagharap sa sinumang tirano na nag-aastang walang hangganan ang kanilang paghahari-harian.

Nagkakamali si Duterte kung inaakala niya na hindi sya babagsak tulad ng kanyang idolong si Marcos sa kanyang mga anti-mamamayan at makaimperyalistang mga pakana. Tunay siyang nahihibang para isiping kaya niyang pigilan, gamit ang pangil ng pasismo, ang pagdaluyong ng rebolusyonaryong agos na sa huli'y sasambulat sa kanya.

Sa ilalim ng kanyang pasistang paghaharing ala-Marcos, hindi niya kailanman masasandigan ang matibay na lakas ng mamamayan na tanging ang Partido ang nagtatamasa. At tulad ng pasistang diktador na Marcos, hindi mapipigilan ni Duterte ang paglakas ng rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan. Ang kanyang mga bulok at tiranikong gawi ay tiyak na hindi makapananaig sa mas maalab na paglaban ng mamamayan para sa tunay na demokrasya at ganap na kalayaan. K




*KILOS PROTESTA*



# Mga tsuper at operator sa TK, matagumpay na nagstrike laban sa kontra-mamamayang modernisasyon

Malaking tagumpay ang malawakang *strike* ng mga tsuper at *operator* ng jeep sa TK noong Setyembre 30 na nagparalisa sa 70-100% ng biyahe sa mga mayor na lansangan sa Batangas, Cavite, Laguna at Rizal.

Ipinakita ng *strike* ang pagkakaisa ng mga tsuper at *operator* laban sa napipintong monopolyo ng mga korporasyon sa prangkisa ng mga jeep na hatid ng Public Utility Vehicle Modernization Program ng rehimeng US-Duterte. Bahagi ng programang ito ang *jeepney phaseout* na nangangahulugan ng pagpatay sa kabuhayan ng mahihirap na tsuper at maliliit na *operator*.

Sa tabing ng modernisasyon, planong tanggalin ng reaksyunaryong gubyerno ang tinatawag nilang mga bulok at sirang jeep sa lansangan at palitan ang mga ito ng mga *e-jeep* na nagkakahalagang P2-3 milyon kada yunit.

Ipinapapasan ng gubyernong Duterte sa mga tsuper at *operator* ang pagbili sa mga *e-jeep*. Matagal nang iginiit ng mga tsuper at *operator* na wala silang kakayahang bilhin ang napakamahal na *e-jeep*.

Nanawagan ang NDFP-ST sa taumbayan na "unawain at suportahan ang ginagawang protesta ng mga kaawa-awang tsuper na ang tanging layunin ay dinggin ng reaksyunaryong gubyerno ang kahilingan nilang huwag patayin ang kanilang hanapbuhay ."

"Malinaw ang pahayag ng mga nagpoprotestang tsuper at *operetor* na hindi sila tutol sa ideya ng pagmomodernisa ng *jeepney transportation* sa bansa. Ang tinututulan nila ay ang iskema ng *jeepney modernization program* na pinapaburan lamang ang interes ng malalaking negosyo sa industriya ng *transport*," pahayag ni Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDFP-ST.

Bahagi ng pambansang *strike* ang tigil-pasada sa TK na pinangunahan ng Southern Tagalog Regional Transport Association - Pinag-isang Samahan ng mga Tsuper at Opereytor Nationwide (STARTER-PISTON). K

# *Tagibang na timbangan*
# Ang bulok na sistema ng hustisya ng reaksyunaryong estado




Nakagigimbal ang balita. Ang dating mayor ng Calauan, Laguna na si Antonio Sanchez na hinatulan ng habambuhay na pagkabilanggo dahil sa panghahalay at pagpatay kay Aileen Sarmenta at pagpatay kay Allan Gomez, kapwa estudyante sa UP Los Baños, ay makakalaya na. Galit na galit ang taumbayan sa nangyari, laluna nang maungkat na dating abogado ni Sanchez si Salvador Panelo na *spokesperson* ngayon ni Duterte.

Nalantad sa kaso ni Sanchez ang garapal na suhulan, kutsabahan at katiwalian sa loob ng mga ahensya at institusyon ng hustisya ng reaksyunaryong gubyerno. Umaalingasaw na ang bulok na sistema ng hustisyang itinataguyod at pinalalala pa ng kasalukuyang rehimen--at muling binibigyang-katwiran ang napapanahon nang pagpapabagsak sa naghaharing pangkating Duterte.

**Hustisya para sa iilan**

Ang pagpapalaya ng reaksyunaryong estado sa mga maimpluwensyang personaheng hinatulan sa mga karumal-dumal na krimen ay patunay na maka-isang panig ang hustisya sa bansa. Litaw na litaw ito kung ikukumpara ang kaso ni Sanchez sa libu-libong maralita na nakulong sa kontra-mamamayang krusada ng reaksyunaryong gubyerno laban sa droga.

Sa isang panig, arbitraryong inaaresto at ikinukulong ang karaniwang mamamayan na pinagbibintangang adik at tulak ng droga. Hindi sila dumadaan sa tamang proseso at pagtitimbang ng ebidensya. Biktima din sila ng pagtatanim ng ebidensya. At dahil sa bagal ng proseso ng pagdinig sa mga kaso, marami sa kanila ang nabubulok sa kulungan kahit na walang kasalanan.

Sa kabilang panig ang mga makapangyariha't naghaharing tulad ni Sanchez na bagamat nasentensyahan ng habambuhay na pagkakakulong ay nagtatamasa ng maraming pribilehiyo sa loob ng kulungan at binibigyan pa ng pagkakataong lumaya sa tabing ng batas na Good Conduct Time Allowance (GCTA). Ayon sa GCTA, pwedeng lumaya ang isang preso na nagbago na at nagpakita ng mabuting asal habang nasa kulungan.

Ang totoo'y nilikha ng mga burukrata ang GCTA upang matiyak na makakaligtas sila mula sa pagkakakulong, lalo pa't kabilang ang *graft and corruption* at *plunder* o pandarambong ng yaman sa mga *heinous crimes* o karumal-dumal na krimeng maaaring patawan ng habambuhay na pagkakabilanggo. Sakaling mahatulan sa pagnanakaw nila sa kabang-bayan, maaaring maareglo ang kanilang paglabas sa bisa ng GCTA.

Ipokrito ang gubyernong Duterte sa pagpapalabas na kinasusuklaman nito ang GCTA dahil ang totoo'y pinakikinabangan ito ng kasalukuyan at nagdaang mga rehimen. Ginagamit ito ng mga tiwaling opisyal sa Bureau of Corrections, Bureau of Jail Management and Penology, DOJ at iba pang ahensya upang pagtakpan ang pagtanggap nila ng P50,000 at higit pa kapalit ng pagpapalaya sa mga kriminal.

Salapi at impluwensya ang nakapangingibabaw sa reaksyunaryong hustisya. Gagana lamang ang batas para sa naghaharing-uri at may kapangyarihan, habang bulag na pinarurusahan ang mga walang salang mamamayan na biktima ng inutil at tiwaling burukrasya.

**Lipunang walang katarungan sa mga api't pinagsasamantalahang uri**

Larawan din ng tagibang na sistema ng hustisya ang kalagayan ng mga bilanggong pulitikal sa bansa. Noong 2018 bumibilang sa 548 ang bilanggong pulitikal sa ilalim ng rehimeng Duterte. Sa bilang na ito, 119 ang maysakit, 48 ang matatanda at anim ang menor de edad. Sa TK ay 37 ang mga bilanggong pulitikal—22 sa mga ito ay inaresto sa panahon ng panunungkulan ni Duterte.

Ang mga bilanggong pulitikal ay mga aktibista o kasapi ng mga progresibong organisasyon na ipinakulong ng reaksyunaryong estado dahil sa kanilang pampulitikang paniniwala at paninidigan. Sinampahan sila ng mga gawa-gawang kaso para supilin ang kanilang mga tinig at putulin ang ugnay sa masa na kanilang pinupukaw, inoorganisa at pinapakilos para sa tunay na kalayaan at demokrasya.

Standard Operation Procedure (SOP) na sa mga nang-aarestong AFP-PNP ang pagtatanim ng ebidensya tulad ng baril at eksplosibo upang masampahan ang mga bilanggong pulitikal ng mga kasong walang piyansa tulad ng *illegal possession of explosives* at *murder* at pahirapan silang makalaya.

Dinaranas ng mga bilanggong pulitikal ang iba't ibang tipo ng tortyur at pagpapahirap sa loob ng kulungan. Ang mga maysakit, matatanda at pati mga buntis ay pinagkakaitan ng atensyong medikal

na nagbubunsod ng paglala ng kanilang kondisyon o kapahamakan ng kanilang ipinagbubuntis gaya ng nangyari kay Andrea Rosal. Hinuli si Rosal noong 2014 at iligal na dinetine sa kabila ng pitong buwang pagdadalang-tao nito. Namatay ang bagong silang niyang anak sanhi ng mahirap na kundisyon sa kulungan. Marami na ring mga bilanggong pulitikal ang namatay sa detensyon dahil sa patuloy na inhustisyang kanilang naranasan sa kamay ng pasistang estado.

Sa panahon ni Duterte ay dagdag na panggigipit sa mga bilanggong pulitikal ang pagpapalabas na sila'y mga sumukong miyembro ng BHB o di kaya'y kasapi ng sangay ng Partido sa lokal o milisyang bayan. Tinatakot at pinipilit ng rehimen ang kanilang mga hinuling sibilyan na pumirma sa dokumento ng 'pagsuko' na sa dulo'y gagamitin upang higit silang idiin sa mga gawa-gawang kaso.

Ito ang hinaharap ni Alexandrea Pacalda, isang kabataang aktibista, na hinuli ng 201st Infantry Brigade ng Philippine Army noong Setyembre 14. Ang buong proseso ng pag-aresto at pagdetine sa kanya ay serye ng paglabag sa mismong batas ng reaksyunaryong gubyerno.

Hinuli si Pacalda nang walang *warrant of arrest* sa Barangay Magsaysay, General Luna, Quezon. Hindi siya pinakain at pinatulog sa loob ng higit isang araw. Itinago rin siya ng mga sundalo at hindi kagyat na ipinakita sa kanyang pamilya at abugado. Iligal siyang nakakulong sa kampo ng sundalo sa Calauag hanggang sa ngayon. Pinakamalala ang pagharas ng mga sundalo sa kanya at sa kanyang pamilya upang pumirma ng *affidavit* ng pagsuko niya bilang miyembro ng BHB.


Ang patuloy na pagdami ng mga bilanggong pulitikal sa bansa ay palatandaan ng pagiging marahas at mapanupil na katangian ng reaksyunaryong estado. Ikinukulong at pinarurusahan ang mamamayang naglalakas-loob na lumaban para sa kanilang karapatan sa lupa, trabaho at serbisyong sosyal habang malaya ang mga may pananagutan sa labis na kahirapan at pang-aapi na dinaranas ng sambayanang Pilipino.

**Pantay at makatarungan ang batas at hustisyang ipinapatupad ng rebolusyonaryong kilusan**

Simula't sapul ay iwinaksi na ng rebolusyonaryong kilusan ang reaksyunaryong hustisya dahil ito'y nagsisilbi lamang sa mga mapagsamantala at mapang-aping uri. Itinataguyod nito ang rebolusyonaryong hustisya na nakabatay sa patnubay ng rebolusyonaryong linya at paninindigan, prinsipyo ng katarungan, siyentipikong diwa ng pagpapasya batay sa kongkretong ebidensya, paghahanap ng katotohanan batay sa mga datos at pantay na paggalang sa mga karapatan ng akusado at naghahabla. Tinitiyak nitong hindi makapangingibabaw ang salapi o impluwensya sa pagpapatupad nito ng batas at sa paggagawad ng katarungan.

Sa mga eryang saklaw ng Pulang Kapangyarihan at pinamamahalaan ng Demokratikong Gubyernong Bayan, nililikha ang Hukumang Bayan bilang pinakamataas na awtoridad sa hustisya. Binubuo ito ng mga kinatawan ng Partido, Hukbong bayan at mamamayan.

Ang mga Hukumang Bayan ay binubuo ng 3-9 na katao depende sa bigat ng krimeng nakasampa dito. Kung menor na kasong kriminal ang nakasampa sasapat na ang 3-5 kataong huwes.




Pero sa mabibigat na krimen na ang katapat na kaparusahan ay kamatayan, kailangan ang siyam-kataong magsisilbing mga huwes.

*Unanimous* ang kailangang abutin ng boto ng mga huwes para sa pagpapasya sa kaso upang matiyak na ang nasasakdal ay napatunayang nagkasala nang wala ni anumang bahid ng pagdududa.

Otomatikong isinasampa at nirerepaso ng mas nakatataas na hukumang bayan ang mga kasong hinatulan ng parusang kamatayan na iginawad ng nakababang hukumang bayan para sa rebyu at pagpipinal ng una.

Ang paghahanap ng sambayanan ng katarungan at hustisyang panlipunan ang nagdala sa kanila sa landas ng demokratikong rebolusyon. Nananalig sila na sa pagwawagi ng rebolusyon, matatapos din ang paghahari ng imperyalismo at malalaking burgesya-komprador-panginoong maylupa na sinasalalayan ng pamamayani ng inhustisya sa bansa. Magpupunyagi ang mamamayan na ipagtagumpay ang rebolusyon, hanggang sa maitatag nila ang tunay na malaya at makatarungang lipunan. K

# Bangungot ng kalamidad
# Ang multo ng kahapon para sa mamamayan ng Quezon


*Hatinggabi noon, ginising kami ng malakas na putok.*
*Sa gitna ng malakas na pagbuhos ng ulan, rumagasa ang napakalakas na tubig sa ilog.*
*Napansin ko nang umuuga na ang munti naming lamesang pinagpapatungan ng bunsol*
*at maya-maya pa'y nakita ko kung paano tinangay ng ilog ang aming buong bahay,*
*kasama ang aking buong pamilya.*

Ito ang karaniwang salaysay ng mga masang naninirahan sa baybayin ng kailugan ng Umiray sa tuwing aalalahanin nila ang malakas na bagyong Winnie na nanalasa noong Nobyembre 2004. Karamihan sa kanila'y ulila na sa magulang, anak, apo, at iba pang kamag-anak— kasama ang kanilang kabuhayan, matapos tangayin ng tubig at matabunan ng lupa.

Mas maaga nito, alas-10 ng gabi, ayon sa pagbabahagi ng mga nakaligtas sa kalamidad, talagang malakas na ang buhos ng ulan, ngunit hindi nila inasahang lalaki nang sobra ang ilog, na kalauna'y matutuklasang dahil sa pagpapakawala ng tubig ng dam sa ilaya ng ilog. Layunin daw nitong iligtas ang Bituan dam, na nagdadala naman ng tubig sa Angat matapos itayo ang 13-km Umiray-Angat Transbasin Tunnel.

Samantala, bangungot din para sa mamamayan ng Infanta ang pananalasa ng bagyong Winnie. Sa dami ng ulang ibinuhos nito mula sa kabundukan at kailayahan ng dalawang malaking ilog ng Agos (kaliwa at kanan) na sumasabang sa karagatang kaharap ng Pasipiko, lumubog ang mabababang lugar ng bayan, kabilang ang simbahan nito. Bukod sa baha, pinahina ng dami ng bolyum ng tubig ang pundasyon ng lupa kung kaya't gumuho ang mga lupain at ilang istruktura ng bayan, kabilang ang tulay na nagdurugtong sa mga bayan ng Real at Infanta.

Ang kagimbal-gimbal na kwentong ito ay bangungot para sa mamamayan ng baybayin ng Umiray, Paulit-ulit nitong ipinapaalala sa kanila ang di-mabuting epekto at pinsalang idudulot ng pagtatayo ng mga dambuhalang dam. Kung kaya't gayon na lamang ang kanilang pagtutol sa itatayong New Centennial Water Source-Kaliwa Dam Project o tinatawag bilang Kaliwa Dam sa ilog ng Agos-Kaliwa na dumadaloy mula sa mga barangay ng General Nakar ng Quezon at Tanay sa Rizal patungong mga barangay ng Infanta, Quezon. Halos magkarugtong lamang ang buhay at kabuhayan ng mga Kadumagetan sa Umiray at Agos, maging ang mga maralitang setler. Batid ng mamamayan ng Infanta na daranasin nila ang mas masahol pang kalamidad kaysa noong 2004 sakaling matuloy ang pagpapagawa ng Kaliwa Dam.



Ang Kaliwa Dam Project ay isa sa mga ipinagmamalaking *flagship projects* ng rehimeng US-Duterte na popondohan ng bansang China. Kasadong-kasado na ito sa kabila ng malawakang pagtutol ng taumbayang apektado, mga lokal na pamahalaan ng Infanta at Tanay, kaisa ang Prelatura ng Infanta, Quezon at maging mga grupong nagtatanggol at nangangalaga sa kalikasan.

**Eyenyenade para ti orat**

"Hindi ginawa [ang aming lupa] para sa tubig" ang giit ng mga katutubong Dumagat at Remontado bilang pagtutol sa nasabing proyekto. Hindi na bago para sa kanila ang makibaka laban sa mapaminsalang proyektong dam sa kanilang lupaing ninuno. Ganito rin ang kanilang ipinamalas na pagtutol sa proyektong Laiban Dam mula panahon ni Marcos kung kaya't hanggang sa kasalukuyan ay di pa rin ito naipatutupad.

Simple lamang ang kanilang argumento, 'hindi namin ipinagdadamot ang aming tubig, pero wag naman itong maging sanhi

ng pagkawasak ng aming lupaing ninuno'. Ayaw nilang ipalamon lamang sa tubig ang kanilang lupaing ninunong ipreniserba nila sa mahabang panahon para patuloy nilang pakinabangan at ng mga susunod pang henerasyon.

Ngunit mistulang bingi ang rehimeng US-Duterte, DENR, ang MWSS maging ang AFP sa hinaing ng mga Dumagat at mga magsasakang maaapektuhan ng nasabing proyekto. Para sa kanila, bagong pagkakakitaan ang aabot sa $221.21M o katumbas na Php18.7B pondo nito. Wala silang pakialam sa mga lupaing palulubugin ng dam—ito ma'y tirahan, daanan o taniman ng mga magsasaka't katutubo. Wala silang pakialam sa panganib na unti-unting maglaho sa mapa ang bayan ng Infanta. At wala rin silang pakialam sa kalikasang wawasakin nito.

**Pagsubasta ng pambansang teritoryo**

Hindi lamang ang buhay at kabuhayan ng mamamayan ang inilalagay ni Duterte sa bingit ng alanganin sa pagpapatupad ng proyektong Kaliwa Dam. Itinataya rin ni Duterte ang bahagi ng teritoryo ng bansa sa pagpasok sa tagibang na kasunduan sa China sa pagpopondo sa proyektong ito. Isinasaad ng kasunduan sa pagpapautang ng China sa Pilipinas na sakaling hindi makapagbayad ang huli ay mapupunta sa China ang bahagi ng teritoryo ng Pilipinas bilang kabayaran.

Walang ibang makikinabang sa engrandeng proyektong ito ni Duterte kundi ang kanyang mga alipures at bagong among China. Matinding pinsala lamang sa mamamayan ang hatid nito, hindi lang sa Quezon at Rizal kundi sa buong bansa.

Makatwirang tutulan at labanan ang proyektong Kaliwa Dam at lahat ng mapaminsalang proyektong bahagi ng mga pinapasok na tagibang na kasunduan ni Duterte. Marapat na suportahan ng iba't ibang sektor ang laban ng mamamayan ng Infanta, General Nakar, Quezon at Tanay, Rizal kasama ang mga katutubong Dumagat at Remontado bilang kabuuang pagtatanggol sa soberanya ng bansa. **K**



# Si Duterte ay masugid na anti-magsasaka at kaaway ng bayan!

*Patnubay de Guia*
Tagapagsalita ng National Democratic Front of the Philippines Southern Tagalog

Labis na pambubusabos at pagmamalupit ang tanging dinanas at sinapit ng mga magsasaka sa kamay ng pasistang rehimeng Duterte sa nakaraang mahigit na tatlong taon. Walang indikasyon na mababago ang ganitong kalagayan at kahaharapin ng mga magsasaka sa natitirang mga taon ng panunungkulan ni Duterte kundi ang lalong pagtindi ng kahirapan, karahasan at pasismo ng estado.

Sagad sa buto ang pagiging anti-magsasaka ni Duterte. Walang puwang sa kanyang administrasyon ang pagtugon sa matagal nang kahilingan ng mga magsasaka na magkaroon ng sariling lupang masasaka at magdulot ng konting pagbabago sa kanilang abang kalagayan. Pawang mga pakitang tao at pagpapaganda ng imahe ang ginagawa ni Duterte tulad ng mga palabas na pamamahagi niya ng mga pekeng Certificate of Land Ownership Award (CLOA) para palitawing nagmamalasakit siya sa mga magsasaka.

Ngunit ang katotohanan, sa loob pa lamang ng tatlong taong panunungkulan ni Duterte, umabot na sa 177 lider magsasaka at katutubo ang napapatay ng mga *death squads* na pinaghihinalang binuo mula sa mismong hanay AFP at PNP. Bago sila pinatay, dumanas muna ang mga lider magsasaka ng iba't ibang tipo ng panghaharas, panlalait at *red-tagging* mula sa AFP at PNP. Karamihan sa mga napatay na lider magsasaka at katutubo ay mula sa Mindanao na kung saan umiiral ang batas militar.

Walang ibang nakikitang dahilan at motibo kung bakit sila pinatay kundi ang aktibong lumalaban para sa karapatan sa lupa at sa pagtatanggol sa lupaing ninuno na nais ibukas ni Duterte sa pandarambong ng mga dayuhan at lokal na korporasyon sa pagmimina.

Libu-libong magsasaka at katutubo din ang naging biktima ng karahasan at iba't ibang paglabag sa karapatang pantao resulta ng mga operasyong militar ng AFP at PNP sa kanilang komunidad at pamayanan.

Pinapatay ni Duterte ang mga magsasaka hindi lang sa literal na pagkahulugan ng *extra judicial killings* (ejk's) sa bansa kundi maging sa pamamagitan din ng mga anti-magsasakang batas at patakaran nito.

Dahan-dahang pinapatay ni Duterte sa gutom at kahirapan ang 2.4 milyong mga magsasaka sa palayan at ng iba pang umaasa at nakasandig sa industriya ng bigas dahil sa inilabas na Republic Act 11203 (RA 11203) o Rice Tariffication Law (RTL) na kanyang pinirmahan nuong February 15, 2019.

Sa kasalukuyan, sumadsad na sa Php7-11 ang kada kilo ng palay sa *farmgate*. Bago ang implementasyon ng RTL, lumalaro pa ito sa Php17–21 kada kilo ang bilihan ng palay sa *farmgate*. Ayon sa datos na nakalap ng Senado, mula nang ipatupad ang RTL, umabot na sa mahigit 200,000 magsasaka ang tumigil sa pagtatanim ng palay habang nasa 4,000 na rice mill sa bansa ang tuluyan nang nagsara. Dahil sa Rice Tariffication Law bumaha sa bansa ang mga imported na bigas sa kapariwaraan naman ng milyong magsasaka at mahihirap na PIlipino.

Sa RTL, pinahihintulutan ang sinumang pribadong negosyante na mag-angkat ng bigas nang walang restriksyon basta magbabayad lang ng kaakibat na taripa sa importasyon. Umaasa ang administrayong Duterte na sa pamamagitan ng RTL mapapababa ang presyo ng bigas

sa merkado at mapapababa din ang mataas na implasyong nararanasan ng bansa.

Pero ang katotohanan, ang nasabing batas ay kikitil sa lokal na industriya ng palay at bigas. Ito ay kontra-magsasaka at kontra-mahihirap dahil higit lang itinutulak ng RTL ang liberalisasyon sa importasyon ng bigas na pumapabor lamang sa mga mayayamang negosyante't komersyante sa industriya ng bigas. Magbubunsod ito ng lalong pagbaha ng mga imported na bigas sa merkado at siyang papatay naman sa industriya ng bigas sa bansa. Mawawala din sa merkado ang murang bigas na binebenta ng National Food Authority (NFA) na siyang hinahanap-hanap at abot-kayang bilhin ng mahihirap nating mga kababayan.

Hindi rin naman nangyari ang inaasahang pagbaba ng presyo ng bigas sa Php7-10 kada kilo na siyang ipinangako ng gubyerno kapag naisabatas ang RTL. Ayon sa Philippine Statistical Authority (PSA), bumababa lang ang presyo ng bigas sa bansa ng P1-2 kada kilo. Nanatiling matataas ang presyo ng bigas ilang buwan makalipas maisabatas ang RTL.

Tumigil na rin sa pamimili ng palay at pagbebenta ng murang bigas ang NFA dahil sa RTL. Sinabi ng pamunuan ng NFA na ang kanilang *buffer stocks* mula sa importasyon ng bigas ay nakalaan at gamitin lamang sa mga lugar na nagkaroon ng kalamidad.

Wala ding silbi ang lehislasyon ng Kongreso na maglaan ng sampung (10) bilyong Rice Competiveness Enhancement Fund (RCEF) na kukunin diumano sa taripa ng mga i-aangkat na bigas mula sa ibang bansa para itulong sa mga maaapektuhang magsasaka. Kakarampot ito kung tutuusin kumpara sa mawawalang kita at pagbagsak ng kabuhayan ng mga magsasaka sa palayan dahil sa RTL.

Samantala, patuloy na ipinagkakait ni Duterte ang *coco levy fund* na dapat mapunta sa mga magsasaka sa niyugan para magamit sa kanilang pangangailangan at pangkagalingan. Ang *coco levy fund* ay itinuturing ng mga magniniyog sa bansa na malaking tagumpay at bunga ng kanilang puspusang pakikibaka para mabawi ito mula sa kamay ni Danding Cojuangco at iba pang kroni ng namayapang Ferdinand Marcos.




Nananatili din ang kawalang interes ni Duterte na tugunan at resolbahin ang labis na kagutuman at kahirapan ng mga magsasaka sa niyugan dulot ng patuloy na pagbagsak ng industriya ng niyog sa bansa, ng kawalan ng lupa, ng epekto ng pyudal at mala-pyudal na pagsasamantala ng mga panginoong maylupa, asendero't komersyante at ng patuloy na militarisasyon sa kanayunan.

Sa ganitong kalagayan, walang ibang dapat gawin ang mga magsasaka kundi ang lumaban at ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte. Dapat ihanda nito ang sarili at tularan ang libu-libong kapwa nila magsasaka at iba pang sektor na nagpasyang humawak ng sandata at lumahok sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan na isinusulong ng CPP-NPA-NDFP. Tanging sa pamamagitan ng DRB magkakaroon ng katuparan ang matagal nang mithiin ng mga magsasaka na magkaroon ng sariling lupang masasaka at lubos na tamasahin ang produkto ng kanilang pinagpaguran. K

BANTAY KARAPATAN

# Human rights worker, iligal na inaresto't ikinulong at tinortyur ng 85th IBPA

Iligal na inaresto, ikinulong at tinortyur ng pasistang 85th IBPA si Alexandrea Pacalda, isang manunulat, aktibista at *human rights worker* sa bayan ng General Luna, Quezon noong Setyembre 14. Sapilitang pinapirma si Pacalda ng *affidavit of voluntary surrender* habang wala ito sa huwisyo dahil sa ginagawang tortyur sa kanya ng AFP. Hindi rin siya pinatulog ng mga sundalong nag-iinteroga sa kanya mula noong siya'y mahuli.

Nung makita si Alexa ng kanyang mga kapamilya, kapansin-pansing wala sya sa tamang ulirat, mukhang hindi pinapatulog at pinapakain. Tinakot din ang kanyang ama at kapatid ng mga sundalo at pulis para lamang pumirma sa *affidavit* ng diumano'y pagsuko ni Pacalda.

Sa isang pahayag, pinabulaan ni Pacalda ang pahayag ng AFP-PNP na kusa siyang pumirma sa affidavit ng pagsuko o sumuko sa AFP. Ipinaliwanag nyang wala siya sa tamang ulirat noong mga panahon na iyon dulot ng ginagawang tortyur sa kanya. Pinapirma din siya ng walang kaharap na abugado.

Nag-*file* ng petisyong *writ of habeas corpus* si Arnulfo Pacalda, ama ni Alexandrea, upang kagyat siyang palayain. Kasalukuyan pa rin siyang iligal na nakakulong sa kampo ng 85th IBPA sa Calauag, Quezon. K

**TUGON**
**NI PATNUBAY DE GUIA**

# Sino ang dapat managot at singilin sa pagkamatay ni Darwin Dormitorio?

Sa kasaysayan, ang AFP ang isa sa mga pangunahing institusyon at makinarya ng reaksyunaryong estado na nagtataguyod ng mersenaryong tradisyon. Sa ilalim ng kolonyal na paghahari ng US sa Pilipinas, itinatag ng US ang Philippine Constabulary noong 1901—ang pinagsimulan ng AFP—sa mersenaryong tradisyon at bilang reaksyunaryong kasangkapan ng imperyalismo laban sa mamamayan. Noong Disyembre 21, 1935, itinatag ng US ang AFP sa ilalim ng National Defense Act ng 1935 at ipinailalim ang superbisyon at pagsasanay dito kay Gen. Douglas MacArthur. Hinubog ng imperyalismong US ang AFP at ang sinundan nitong Philippine Constabulary bilang isang pasista at berdugong makinarya para sa panunupil ng reaksyunaryong estado sa mga rebolusyonaryong Pilipino at sa pagtatanggol at pagpapanatili sa kaayusan ng lipunang Pilipino—una , bilang isang kolonyal at malapyudal mula 1899-1946 at kasunod bilang malakolonyal at malapyudal matapos ipagkaloob ang huwad na kalayaan sa Pilipinas noong 1946.

Isinailalim sa indoktrinasyon ang mga pasistang militar sa bulag na pagsunod sa anumang atas sa kanila sa baluktot na doktrina ng pambansang seguridad at pagtatanggol ng namamayaning kaayusang panlipunan. Ang ganitong mersenaryong tradisyon ang pundasyon ng kanilang ideolohiyang pasista na ginagamit ng mga naghaharing uri—ang imperyalismong US, malalaking burgesya-kumprador, panginoong maylupa at burukrata kapitalista—para sa pagtataguyod ng kanilang makauring interes at hegemonyang ambisyon ng US sa Asya-Pasipiko.

Ang mersenaryo at berdugong tradisyong ito ang pumatay sa kadeteng si Darwin Dormitorio.

Biktima si Dormitorio ng marahas at pasistang kulturang itinataguyod ng AFP. Ang kanyang pagkamatay sa kamay mismo ng kanyang kapwa kadete sa Philippine Military Academy ay patunay na nagpapatuloy ang malalim na mersenaryong tradisyon at kultura ng karahasan sa AFP.

Upang patagusin ang mersenaryong tradisyon ng AFP sa iba pang mga pamantasan at unibersidad, isinusulong ng rehimeng Duterte ang isang batas na gawing sapilitan ang pagkuha ng Reserve Officer Training Course (ROTC) ng lahat ng tutungtong sa *senior high school.*

Sa ilalim ng pasistang paghahari ni Duterte, higit nyang binigyan ng kapangyarihan at kinupkop ang kabulukan ng AFP sa pamamagitan ng militarisasyon ng kanyang gabinete. Iniluklok nya sa pwesto ang mga sagadsaring anti-komunista, anti-mamamayan at maka-US na mga upisyal militar gaya nina Delfin Lorenzana, Eduardo Año, Carlito Galvez, Hermogenes Esperon Jr. at mga bagong kareretirong mga *chief of staff* ng AFP na sina Heneral Emmanuel Bautista at Benjamin Madrigal, Jr.. Sabay silang inaalagaan ni Duterte at ng US upang pangunahing protektahan ang interes ng US sa Pilipinas at suhayan ang pasistang paghahari ng rehimen.

Ang mga berdugong ito ang siyang pangunahing nagtataguyod ng mga anti-mamamayang pakana ni Duterte na National Task Force to End Local Communist Armed Conflict at Joint Campaign Plan Kapanatagan. Sila rin ang promotor ng talamak na mga paglabag sa karapatang pantao sa bansa at nagsusulong ng mga patakarang kontra-rebolusyonaryo tulad ng pag-amyenda sa Human Security Act, Anti-subversion law at sa pagpapatupad ng mandatory ROTC.

Ang pasistang agos na ito ang mahigpit na tinutulan at nilabanan ni Lt. Crispin Tagamolila. Bilang isang tunay na rebolusyonaryo at makabayan, pinili ni Ka Crispin ang landas ng armadong pakikibaka upang labanan mismo ang berdugong institusyon at makinarya ng AFP na kanyang pinanggalingan. Namulat siya sa katotohanang hindi kailanman para sa interes ng mamamayang anakpawis ang itinataguyod ng AFP kundi ito mismo ang pangunahing instrumento ng mga nagsasamantala at naghaharing-uri sa pagsupil sa mamamayan.

Saksi mismo si Ka Crisipin sa lahat ng kabulukan ng AFP at ang mahigpit na kontrol dito ng imperyalismong US. Nasaksihan nya mismo ang ginawa ni Marcos na pagsasanay sa AFP upang matiyak lamang na susundin ng mga berdugong sundalo ang lahat ng kanyang pasistang atas laban sa nakikibakang mamamayan. Ito ang pangunahing nagtulak kay Ka Crispin na tanganan ang kanyang sinumpaan sa bayan at sumapi sa BHB.

Ang makabayan at rebolusyonaryong hangarin ni Ka Crispin ay dapat na tularan ng mga kapwa nya sundalo. Ang pagtahak sa landas ng demokratikong rebolusyong bayan ang tunay na pagsisilbi sa bayan. Nilalabanan nito ang lahat ng kabulukan sa kasalukuyang reaksyunaryong sistema. Itinataguyod ng demokratikong rebolusyon ang isang lipunang walang pasismo, ganap na demokratiko at tunay na malaya. K

## Sino si Crispin Tagamolila?



Sa edad na 22, sumapi si Crispin Tagamolila sa Philippine Army noong 1967 kung saan panimula siyang itinalaga sa gawaing administratibo at napahintulutang mag-aral ng abogasya.

Kinailangan lamang ng ilang taon bago niya napagtantong hindi karapat-dapat ang organisasyong sinalihan niya. Para sa isang taong gustong tumulong sa mahihirap at inaapi—ang pagiging isang tinyente ng Armed Forces of the Philippines ang karanasang nagmulat sa kanya. Nakita niya kung paanong ang mga karaniwang sundalo ay itinuturing na parang mga alipin ng mga opisyal ng army, at ang nangingibabaw na sistemang "palakasan" o *political patronage*.

Habang nagsasanay bilang isang *military lawyer* kasabay ng pagtuturo ng nasyunalismo sa Philippine Constabulary Law School, kinahiligan niya ang pagbabasa. Inilaan niya ang malaking bahagi ng kanyang alawans sa mga libro tungkol sa kasaysayan at *political science*. Kumuha rin siya ng *masteral course* sa Ateneo de Manila University.

Dito nagsimulang mabuo ang radikal na pananaw sa lipunan ni Tagamolila. Nagsimula siyang magbigay ng maliit na kontribusyon upang pondohan ang mga aktibidad ng mga aktibistang estudyante sa lansangan. Umiwas siya sa mga tungkuling *anti-riot*. Aktibo siyang nangampanya para kay ex-Major Bonifacio Gillego, isang opisyal militar na dahil sa liberal nyang na pananaw ay naging kasalungat ng mga institusyong militar, para magkaroon ng pwesto sa Constitutional Convention noong 1970. Sa dulong bahagi ng taong ito, ang matalik na kaibigan ni Tagamolila na si Lt. Victor Corpus, ay nagpahayag ng pagtalikod sa AFP at pagsapi sa Bagong Hukbong Bayan.

Makalipas lamang ang tatlong buwan, tinalikuran na rin ni Tagamolila ang bulok na institusyon at sumapi sa BHB. Sa isang pahayag, sinabi niyang "Napagtanto kong ang AFP ang pangunahing kasangkapan sa pagsupil sa makatarungang hinaing ng inaaping mamamayan." Humantong rin siya sa pagpapatotoo at pagiging saksi sa pagkontrol ng US sa militar ng Pilipinas, sa pagkunsinti ni Marcos sa korapsyon sa AFP para tiyakin ang kanilang katapatan, at ang pamamaslang ng mga yunit paniktik ng militar at liquidation squads sa mga aktibista.

Napaslang si Crispin Tagamolila sa isang labanan sa pagitan ng BHB at AFP noong April 16, 1972 sa Echague, Isabela. Makalipas ang dalawang taon, ang nakababata niyang kapatid na si Antonio, ay napatay sa isang engkwentro sa kabundukan ng Panay. K

## Unyon sa Daiwa Seiko, tagumpay sa CBA!

Dagdag sahod, benepisyo at regularisasyon ng mga kontraktwal—ilan lang ito sa mga nilalaman ng matagumpay na Collective Bargaining Agreement (CBA) ng Malayang Unyon ng Daiwa Seiko Philippines Corporation - Organized Labor Association in Line Industries and Agriculture - Kilusang Mayo Uno (MUDSPC-OLALIA-KMU) sa maneydsment ng Daiwa Seiko Philippines Corp.

Nagkasundo ang unyon at kumpanya noong Setyembre 19, limang buwan matapos ang unang negosasyon ng mga ito noong Abril. Kabilang sa mga tagumpay ng unyon sa CBA ang regularisasyon ng 126 empleyado, P80 na dagdag sahod para sa 2018 hanggang 2019, P40,000 *signing bonus*, at P80,000 *hospitalization benefits* para sa manggagawa at P75,000 para sa dalawang dependent.

Ang Daiwa Seiko Philippines Corp. ay pagawaan ng mga parte ng sasakyan sa Biñan, Laguna.

Ayon sa Pagkakaisa ng Manggagawa sa Timog Katagalugan - KMU (PAMANTIK-KMU), pinatutunayan ng tagumpay sa CBA ng unyon sa Daiwa Seiko na "tanging sa pagkakaisa makakamit ng mga manggagawa ang karapatan sa mas maayos na sahod at benepisyo at regularisasyon sa trabaho."

Kinundena rin nito ang "terrorist-tagging" ng isinasagawa ng rehimeng US-Duterte laban sa mga lehitimong unyon ng manggagawa.

"Hindi na nga iginagalang ang *constitutionally guaranteed rights* at mga lehitimong panawagan ng mga manggagawa, kriminalisasyon pa ang tugon ng sabwatang kapitalista at mga ahensya ng gubyerno sa mga nakikibakang manggagawa, " ani Claire Balabbo, *secretary general* ng (PAMANTIK-KMU). Hinalimbawa niya ang pagsasampa ng gawa-gawang kaso tulad ng *robbery. theft* at *grave coercion* sa 17 unyonista ng NutriAsia-Cabuyao at paniniktik sa mga lider ng KMU sa rehiyon. K



## *Focused military operation* ng 85th IB, diniskaril ng BHB Quezon

Isang pulutong ng sundalo ng 85th IBPA ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang inisnayp at pinaulanan ng bala ng Apolonio Mendoza Command (AMC) -BHB Quezon sa Barangay Vista Hermosa, Macalelon bilang kontra-atake sa *focused military operation* (FMO) sa lugar.

Nabulabog ang mga nakahimpil na sundalo sa Vista Hermosa nang isnaypin at bugsuan sila ng putok ng isang yunit ng AMC bandang alas-dos ng hapon ng Setyembre 22.

Ang 85th IBPA ay mahigit tatlong buwan nang nag-ooperasyon sa naturang baryo. Ang FMO nito na sumaklaw sa ilang bayan sa Timog Quezon ay nagresulta na sa mahigit 200 bilang ng kaso ng paglabag sa karapatang tao sa loob lamang ng limang linggo.

Kabilang sa mga biktima ng FMO ng 85th IBPA sina Rico Quidor at Jovi Endrenal na binugbog ng mga sundalo noong gabi ng Hulyo 3. Sapilitan ding pinasuko si Quidor na pinagbintangang may kaugnayan sa BHB.

Si Quidor ay aktibong opisyal ng samahan ng magsasaka sa Brgy. Vista Hermosa na tumututol sa pinaplanong pagtatayo ng dambuhalang dam sa kanilang lugar.

Ang dam ay proyekto ng National Irrigation Administration at nagkakahalaga ng P775 milyon. Mapipinsala nito ang may 100 ektaryang produktibong niyugan, bukod pa sa 75 ektaryang lupain na ilalaan sa kanal, istruktura at mga gusali. Mahigit 100 pamilya sa Vista Hermosa at karatig-pook ang mapapalayas mula sa kanilang tirahan oras na matuloy ang dam. K

## Marines na iligal na nagtotroso sa Palawan, tinuruan ng leksyon ng BHB


Tagumpay ang taktikal na opensiba ng Bienvenido Vallever Command (BVC) - BHB Palawan laban sa isang iskwad ng Marine Battalion Landing Team 4 na huli sa aktong iligal na nagtotroso sa Barangay Calasaguen, Brooke's Point noong Setyembre 8.

Pinalalabas ng Western Command ng AFP na nagpapatrol ang mga Marines sa lugar kontra-*illegal logging* ngunit ang katotohanan ay mismong mga sundalo ang nagtotroso. Ayon sa ulat ng masa, apat na araw nang nagtotroso ang 10-kataong iskwad ng MBLT4 sa baryo. Gagamitin umano ang iligal na troso sa kampong itatayo ng Marines sa lugar.

Agad na umaksyon ang BVC at nagpadala ng 3-kataong tim upang patigilin ang mga Marines sa paninira nito sa kagubatan at planong pagkakampo sa baryo. Bandang alas-10 ng umaga ay pinuntahan ng tim ng Pulang mandirigma ang mga Marines at pinaputukan ang mga ito.

Isang SSgt. Samuel Mofar ang kumpirmadong malalang sugatan sa hanay ng Marines habang walang natamong kahit na anong pinsala ang BHB. K

## Ambus ng BHB-Mindoro sa PNP, matagumpay na opensiba kontra JCP Kapanatagan




Tuluy-tuloy ang opensiba kontra JCP Kapanatagan sa ambus na isinagawa ng Lucio de Guzman Command (LdGC) -BHB Mindoro sa isang sasakyan ng pulis sa Socorro, Oriental Mindoro noong Setyembre 22.

Naganap ang ambus ng alas-7:45 ng umaga sa Barangay Pasi 2, Socorro. Pinaputukan ng Pulang hukbo ang sasakyan ng mga pulis na nagdulot ng kaswalti sa hanay ng PNP.

Tatlong pulis ang inamin ni PNP-MIMAROPA Spokesperson Lt. Col. Socrates Faltado na nasugatan sa ambus. Ito ay sina Capt. Ruelito Magtibay, CMSgt. Ivan Fortus, SMSgt. Irene Lazo at Cpl. Ivy Carmona.

"Isang sampal sa ipinagmamalaking mga nakamit ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict ng rehimeng US-Duterte ang matagumpay na ambus ng NPA. Kahit anong gawin ni Duterte, hindi nito mapipigilan ang pagsulong ng armadong rebolusyon sa Mindoro," ani Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng LdGC. K

# Kabuluhan ng Pag-aambag

## Sampung metro
ni Ka Carina

*Pak! Pak! Boom!*

"Abe, magpatatag!"

Sa sigaw ng iskwad lider (IL) ay hinigpitan pa ni Kiko ang hawak sa armalayt. Pumorma siya upang muling mamutok. Hindi pa nauubos ang isang magasin ay lumapit sa kanya ang IL.

"Ka Kiko, sugatan si Ka Pipoy kaya pinaatras ko na sa main body. Naiwan ang kanyang gamit sa pwesto. Kunin mo ang baril at pots. Akong bahala rito at papayungan kita."

Napabuntung-hininga si Kiko. Walang patlang ang putok ng kaaway.

*Pak! Pak! Pak! Pak! Bratatat! Bratatat!*

Kumuha ng kober ang IL at nagsimulang mamaril.

Pumorma na si Kiko. Niyakap niya ang kanyang armalayt saka nagsimulang gumapang. Sampung metro ang agwat ng pwesto nila  ni Pipoy.

Parang ang layo-layo ng sampung metro, sambit ni Kiko sa sarili habang nagapang.

Natatanaw na niya ang baril ni Pipoy, isang AK-47 na ginagamit ng yunit sa mga operasyong isnayp.

"Bilis, Ka Kiko!" Bratatat! Pak! Pak! Pak! Boom!

Tinibayan ni Kiko ang loob at binilisan ang gapang. Ilang segundo pa'y narating niya ang foxhole ni Pipoy. Inabot niya ang AK-47 at pots at gumapang pabalik sa kanyang IL.

*Pak! Pak! Pak! Bratatat!*

"Nakuha ko na," ulat ni Kiko sa IL. Hinihingal siya pero may luwag sa kanyang dibdib. Ligtas siyang nakabalik sa pwesto bitbit ang AK-47.



"Ayos!" Naghagis ng granada ang IL sa direksyon ng kaaway.

*BOOOM!* Tumahimik ang paligid. Wala ng ganting putok ang kaaway.

"Maghanda sa pag-atras," kumand ng IL. Isinakbit ni Kiko ang kanyang armalayt sa kaliwang balikat. Sa kanan naman niya inilagay ang AK-47 ni Pipoy.

***

Makalipas ang ilang araw, nag-kapehan ang mga kasama. Nagbigay ng maikling pananalita ang IL ng Abe na natapos sa isang pagbati.

"Taas-kamaong pagpupugay para kay Ka Kiko na sumuong sa panganib para makuha ang baril na naiwan ng sugatang kasama. Mabuhay ka, Ka Kiko!"

Sumegunda ng pagbati ang platun lider saka nagkwento. "Makasaysayan ang AK na yan. Dati na yang nakuha ng kaaway sa atin. Binawi natin yan sa reyd..."

Habang nakikinig sa kwento ay napagtanto ni Kiko: *Gagapangin ko kahit isang daang metro, dahil bawat baril ay mahalaga sa Hukbo.* K

*Una sa serye ng tatlong dagli na nagsasalarawan ng iba't ibang anyo ng dakilang pag-aambag ng Pulang hukbo at baseng masa sa digmang bayan sa gitna ng pinatinding atake ng JCP Kapanatagan sa TK.*